

ANG MGA TUNOG SA PILIPINO: ISANG PAGSUSURI

FE ALDAVE YAP

Surian ng Wikang Pambansa
(Tinanggap noong ika-18 ng Oktubre, 1969)

0. PANIMULA

Mayroon nang ilang nasulat tungkol sa palatunugan ng Pilipino (Tagalog). Tinatalakay ito sa Balarila ng Wikang Pambansa at sa iba pang mga balarilang pampaaralan, ngunit ang pagtalakay sa mga tunog ay pahapyaw lamang at dinaayon sa makabagong paraan ng pagsusuri ng wika.

Sina Bloomfield, Pittman, Stockwell, Hemphill, at ang iba pang mga lingwistang Amerikano ay gumawa na ng mga pag-aaral sa palatunugan ng Tagalog, ngunit ang kanilang pagsusuri ay kapi-kapiraso lamang (fragmentary analysis) na kinuha sa mga *informant*. Mayroon na ring ilang iskolar na Pilipinong sumulat ng maikling pagsusuri ng mga tunog ngunit ang mga pag-aaral na ito sa Tagalog ay nakasulat at nalathala sa wikang Ingles, na ngayon ay ginagamit na sanggunian ng mga nag-aaral ng wika.

Dahil sa kakulangan ng mga pagsusuring batay sa mga simulain ng makabagong lingwistika, at dahil sa wala pang nasusulat na makabagong pagsusuri ng palatunugan sa wikang Pilipino, ang kasalukuyang pag-aaral na ito ay magiging mahalaga at kapaki-pakinabang sa mga mananaliksik-wika (language researchers) guro at sa mga nag-aaral ng lingwistika.


1. ANG KAHULUGAN NG PONEMA

Ponema ang tawag sa mga yunit ng tunog ng isang wika na nakakapagpaiba ng kahulugan. Sa Pilipino ay may 21 *ponemang segmental*: /p b t d k g ' s h m n ng l r w y i e u o a/. Sa Balarila, ang mga ito ay tinatawag na *katinig* at *patinig*. Ang bawat pomena ay isinusulat sa loob ng dalawang guhit na pahilis / /. Makahulugan sa Pilipino ang tunog na naririnig sa hulihan ng mga salitang *bata* /*báta*/ 'child' at *bága* /*bága*/ 'lung'. Ang /' / ay tinatawag na tunog na impit o *glottal stop* sa Ingles. Itinuturing itong isang ponemang katinig sa Pilipino, bagamat hindi ipinakikita sa palabaybayan (orthography) ng ating wika.

Mahalaga at nakatutulong sa pag-aaral ng palatunugan ng wika ang naritong balangkas sapagkat itinuturo nito ang mga sangkap na ginagamit sa pagbigkas ng tunog.

Halimbawa, kung binibigkas ang /p/ at /b/, ang mga labi ay isinasara at nasusugpo ang paglabas ng hangin. Ang dalawang labi ay ginagamit sa pagbigkas ng mga tunog na ito, kaya maaaring tawaging *panlabing pasara* (bilabial stop).

Ilustrasyon 1: BALANGKAS NG MGA SANGKAP NA GINAGAMIT SA PAGSASALITA




Kapag ang dulo ng dila ay inilapat sa likod ng unahang ngipin sa itaas ang tunog na nabibigkas ay /t/ at /d/, kaya *pangngiping pasara* (dental stop). Kapag ang likod ng dila ay inilapat sa malambot na ngalangala (velum) ang lumalabas na tunog ay /k/ at /g/, kaya *panggalangalang pasara* (velar stop). Magkatulad ang posisyon at paraan ng pagbigkas sa bawat paris ng tunog. Ang pagkakaiba lamang ay nasa taginting ng tinig (voice). Ang /b, d, g/ ay binibigkas nang *may tinig* (voiced) samantalang ang /p, t, k/ ay *walang tinig* (voiceless).

Ang pag-uuri-uri ng mga tunog sa Pilipino ay ibinatay sa magkakaibang katangian (distinctive features) ng mga tunog. Ang mga katinig ay nagkakaiba sa *posisyon ng pagbigkas* (position of articulation) at *paraan ng pagbigkas* (manner of articulation). Ang /n/ at /ng/, halimbawa, ay magkaibang tunog sapagkat sa pagbigkas ng /n/ ang dulo ng dila ay tumatama sa likod ng unahang ngipin sa itaas; sa pagbigkas naman ng /ng/, ang dila ay tumatama sa malambot na ngalangala. Kung binibigkas ang mga tunog na ito, ang hangin ay dumaraang palabas sa ilong, kaya tinatawag na mga tunog na *pahumal* (nasal). Ang /n/ ay tunog na *pangngiping may tinig na pahumal* (voiced dental nasal) at ang /ng/ naman ay *panggalangalang may tinig na pahumal* (voiced velar nasal). Ang /ng/ ay dalawang titik (letter) ngunit ibinibilang na isa lamang na katinig. Ito ang tinatawag na *kambal titik* (digraph).

1.1 ANG MGA PONEMANG KATINIG (CONSONANT PHONEMES)

Ang mga ponemang katinig sa Pilipino ay maaaring ilarawan sa pamamagitan ng ganitong balangkas.




Mga Katinig sa Pilipino

1.2 POSISYON NG MGA SANGKAP AT PARAAN NG PAGBIGKAS

Ipinakikita ng balangkas na ang mga ponemang /p t k/ ay naiiba sa /b d g/ sapagkat ang huli ay binibigkas nang may tinig. Ipinakikita ito ng pababang guhit na pahilis. Magkatulad ang paraan ng pagbigkas sa mga tunog na ito. Nagkakaiba lamang ang posisyon ng mga sangkap na ginagamit sa pagbigkas. Ipinakikita ito ng guhit na paayon mula sa posisyong panlabi-pangngipin-pangngalangala (bilabial-dental-velar). Gayon din ang posisyon sa pagbigkas ng mga tunog na humal /m, n, ng/. Iba ang paraan ng pagbigkas sa mga ponemang /s, h, l, r/ at malapatinig na /w, y/, gaya ng ipinakikita sa balangkas ng mga katinig.

1.3 ANG MGA PONEMANG PATINIG (VOWEL PHONEMES)

Ang mga ponemang patinig ay nagkakaiba sa taas (height) at sulong (advancement) ng dila sa pagbigkas. May 5 patinig sa Tagalog.



Ang /e/ at /o/ ay mga banyagang tunog na dating wala sa palatunugan ng ating wika. Sapagkat napakaraming mga salitang hiram sa Kastila at Ingles ang puma-

pasok sa wikang pambansa, na ngayon ay bahagi na ng talasalitaang Pilipino, ang mga tunog na ito ay ibinibilang na sa palatunugan ng Pilipino. Ang /i/ at /e/ o /u/ at /o/ ay hindi na laging malayang nagkakapalit nang hindi nagbabago ang kahulugan ng salita. Ang *Misa* /mísa/ 'Mass' ay iba sa *mesa* /mésa/ 'table', at ang *buhol* /buhól/ 'knot' ay iba sa *Bohol* /bohól/ 'Bohol province'.

1.4 ANG MGA ALOPONO SA PILIPINO (ALLOPHONES IN PILIPINO)

May mga tunog na maaaring magkapalit nang hindi nagbabago ang kahulugan ng salita. Halimbawa nito ay ang gitnang-hulihang- bilog (mid-back-rounded) [o] na binibigkas nang ang dila ay nasa gitna at dakong likod ng bibig at pabilog ang labi, at ang *mataas-taas na mababang-hulihang-bilog* (higher-low-back-round) [o] na binibigkas nang ang dila ay nasa mataas na ibaba sa dakong likod ng bibig at pabilog ang labi. Ang mga tunog [o] at [O] ay maaaring magkapalit sa lahat ng posisyon sa salita nang hindi nagbabago ang kahulugan ng salita, gaya ng *noon* [nO'ón] o [no'ón] 'at that time'; gayon din ang *poso* [pÓso] o [póso] 'artesian well'. Ang [o] at [O] ay tinatawag na mga *aloponong napag-hahali-halili* (allophones in free variation). Ang mga tunog na ito ay ibang anyo (variants or allophones) ng ponemang /o/ sa Pilipino.

Ang [i] na naririnig sa pantig na may diin, gaya ng *bilog* [bílog] 'circle' at ang [I] na naririnig sa pantig na walang diin, gaya ng *bilog* [bIlóg] 'circular' ay tinatawag na mga *aloponong nagsasalihan* (allophones in complementary distribution). Magkahawig ang dalawang tunog na ito at tinatawag na alopono ng ponemang /i/ sa Pilipino. Sa Ingles, ang /i/ at /I/ ay magkahiwalay na ponema. Magkaiba ang *beat* /bit/ at *bit* /bIt/ sa Ingles.

Ilustrasyon 2: ANG MGA PONEMANG SEGMENTAL SA PILIPINO

	<i>Panlabi</i>	<i>Pangngipin</i>	<i>Pangngalangala</i>	<i>Impit</i>
Pasara: Walang tinig	p	t	k	,
May tinig	b	d	g	
Pasutsot		s		h
Pahumal	m	n	ng	
Pagilid		l		
Pasaltik		r		
Malapatinig	w	y		
	<i>Unahan</i>	<i>Gitna</i>	<i>Hulihan</i>	
Mataas	i		u	
Gitna	e		o	
Mababa		a		

1.5 SALUNGATAN NG MGA PONEMA (PHONEMIC CONTRAST)

Sa pag-aaral na ito, ang mga ponema ay ipinaliliwanag bilang mga yunit na naiiba sa isa't isa sa palatunugan ng wikang Pilipino. Kapag ang dalawang

tunog ay magkatulad ang posisyon (in the same position or environment) sa salita at nakakapagpaiba ng kahulugan, ang mga tunog na ito ay magkahiwalay (separate) o magkaibang ponema. Halimbawa, sa Pilipino, ang /p/ at /b/ ay parehong nasa unahan ng mga salitang *pala* /pála/, 'shovel' at *bala* /bála/ 'bullet'. Ang paris ng mga salitang ito ay tinatawag na *minimal na paris* (minimal pair). Ang /p/ at /b/ lamang ang nakakapagpabago sa kahulugan ng salita. Ito ay nagpapatunay na ang dalawang tunog ay magkaibang ponema.

1.5.1 Narito ang iba pang halimbawa ng pagkakaiba o salungatan ng mga ponema na pinatutunayan ng sumusunod na paris ng mga salita. Ang pagsasalungat ng mga tunog ay makikita sa una, gitna at hulihan ng salita:

p/b	/o
<i>pantog</i> /pantóg/ 'bladder'	<i>baga</i> /bága/ 'lung'
<i>bantog</i> /bantóg/ 'famous'	<i>baga</i> /bága/ 'ember'
<i>ipon</i> /ípon/ 'savings'	<i>bata</i> /báta/ 'child'
<i>ibon</i> /íbon/ 'bird'	<i>bata</i> /báta/ 'bathrobe'
<i>talukap</i> /talúkap/ 'eyelid'	<i>tubo</i> /túbo/ 'profit'
<i>talukab</i> /talúkab/ 'carapace of a crab'	<i>tubo</i> /túbo/ 'tube'
t/d	n/ng
<i>tula</i> /tulá/ 'poem'	<i>nawa</i> /nawá/ 'May it be so'
<i>dula</i> /dulá/ 'play'	<i>ngawa</i> /ngawá/ 'loud, empty talk'
<i>pantay</i> /pantáy/ 'level'	<i>sanay</i> /sanáy/ 'experienced'
<i>panday</i> /pandáy/ 'blacksmith'	<i>sangay</i> /sangáy/ 'branch'
<i>bukot</i> /bukót/ 'short-necked'	<i>laman</i> /lamán/ 'content, meat'
<i>bukod</i> /bukód/ 'separate'	<i>lamang</i> /lamáng/ 'advantage'
k/g	d/r
<i>kulay</i> /kúlay/ 'color'	<i>dilis</i> /dílis/ 'anchovy'
<i>gulay</i> /gúlay/ 'vegetable'	<i>rilis</i> /rílis/ 'railway'
<i>likaw</i> /líkaw/ 'coil'	<i>lida</i> /lída/ 'a girl's name'
<i>ligaw</i> /lígaw/ 'courtship'	<i>lira</i> /líra/ 'lyre'
<i>ilak</i> /ílak/ 'contribution'	<i>padamdám</i> /padamdám/ 'interjection'
<i>ilag</i> /ílag/ 'parry'	<i>paramdam</i> /paramdám/ 'hint, suggestive action'
l/r	u/o
<i>lolo</i> /lólo/ 'grandfather'	<i>uso</i> /úso/ 'fashion'
<i>loro</i> /lóro/ 'parrot'	<i>oso</i> /óso/ 'bear'
<i>dula</i> /dulá/ 'play'	<i>butas</i> /bútas/ 'hole'
<i>dura</i> /durá/ 'sputum'	<i>botas</i> /bótas/ 'boots'
<i>piling</i> /pilíng/ 'bunch'	<i>mura</i> /múra/ 'cheap'
<i>piring</i> /piríng/ 'blindfold'	<i>Mora</i> /móra/ 'Moslem girl'
i/e	
<i>iwan</i> /íwan/ 'leave'	
<i>ewan</i> /éwan/ 'denial of something'	

bilo /bilo/ 'roll, ball'

belo /bélo/ 'veil'

tila /tíla/ 'perhaps'

tela /téla/ 'fabric'

1.5.2 Maipakikita rin ang pagkakaiba ng mga tunog sa paris ng mga salitang dadalawahing pantig (disyllabic) na binubuo sa pamamagitan ng pag-uulit ng unang pantig. Ito ay karaniwang karaniwan sa Pilipino. Ang ganitong uri ng pagkakaiba o pagsasalungat ng dalawang tunog sa dalawang posisyon sa salita ay maaaring tawaging *dalawahang salungatan* (double contrasts or contrastive doublets). Narito ang ilang halimbawa:

p/b
kapkap /kapkáp/ 'frisk'
kabkab /kabkáb/ 'scrape off'
pakpak /papkák/ 'wing'
bakbak /bakbák/ 'detached'
pupog /púpog/ 'attack of a fowl'
bubog /búbog/ 'crystal'

k/g
laklak /lakták/ 'gulp'
laglag /laglág/ 'fallen'
saksak /saksák/ 'stab'
sagsag /sagság/ 'trot'
tuktok /tuktók/ 'pate'
tugtug /tugtóg/ 'music'

t/d
patpat /patpát/ 'stick'
padpad /padpád/ 'drifted'
satsat /satsát/ 'chat'
sadsad /sadsád/ 'anchored'
satsot /sutsót/ 'whistle'
sudsod /sudsód/ 'plowshare'

n/ng
naknak /nakták/ 'swelling'
ngakngak /ngakták/ 'loud crying'
nana /nána/ 'pus'
nganga /ngángá/ 'prepared buyo'
nisnis /nisnís/ 'raveled'
ngisngis /ngisngís/ 'giggle'

1.5.3 Makikita rin ang dalawahang salungatan sa mga salitang Pilipino na tatatuhing pantig (trisyllabic), gaya ng sumusunod na paris ng mga salita:

k/g
halakhak /halakhák/ 'laughter'
halaghag /halaghág/ 'neglectful'

n/ng
halinhin /halinhín/ 'replace'
halinghing /halinghín/ 'neigh of horse'

l/r
palapala /palapála/ 'platform'
parapara /parapára/ 'all'

w/y
kalawkaw /kalawkáw/ 'stir liquid with the hand'
kalaykay /ka:laykáy/ 'rake'

u/o
butuhan /butuhán/ 'skinny, bony'
botohan /botohán/ 'election'

1.5.4 Ang pagkakaiba-iba o salungatan ng mga tunog ay maipakikita rin sa paris ng mga salitang dadalawahing pantig na binubuo sa pamamagitan ng pag-uulit ng unang pantig na kabilaan (reduplicated closed syllable). Halimbawa, ang

/b/ sa *budbod* /budbód/ 'scatter' at ang /d/ sa *dubdob* /dubdób/ 'blaze' ay nagkakapalit ang una at huling tunog ng inuulit na pantig. Maaari itong tawaging dalawahang *baligtarang salungatan* (double transposed contrasts) o *tatluhang salungatan* (treble contrasts). Pansinin ang pagsasalungat ng dalawang tunog sa tatlong posisyon sa salita sa sumusunod na mga halimbawa:

p/k	t/k
<i>pukpok</i> /pukpók/ 'hammer, beat'	<i>tuktok</i> /tuktók/ 'pate'
<i>kupkop</i> /kupkóp/ 'sheltered'	<i>kutkot</i> /kutkót/ 'scrape'
b/d	m/n
<i>bidbid</i> /bidbíd/ 'roll'	<i>manman</i> /manmán/ 'observe'
<i>dibdib</i> /dibdíb/ 'chest'	<i>namnam</i> /namnám/ 'taste'
	w/y
	<i>wakwak</i> /wakwák/ 'torn'
	<i>kawkaw</i> /kawkáw/ 'stir, e.g. liquid'

1.6 ANG KAYARIAN NG PANTIG (THE SYLLABLE STRUCTURE)

Ang mga ponemang segmental na sinuri at inilahad ay pinagsusunod-sunod at bumubuo ng pantig o salita. Sa Balarila ay itinuturo ang apat na uri ng pantig.

1. payak	a, e, i, o, u
2. tambal-una	ba, ko, ni, mo
3. tambal-huli	an, it, ak, at
4. kabilaan	bak, pas, kip, tak

Ang pantig na binubuo lamang ng patinig ay tinatawag na *payak*. Tinatawag na *tambal-una* (open syllable) kapag nauuna ang katinig, at *tambal-huli* kapag nahuhuli ang katinig. Ang pantig ay *kabilaan* (closed syllable) kapag may katinig sa unahan at hulihan ng pantig, gaya ng una at ikalawang pantig sa mga salitang *pakpak* /pakpák/ 'wing', *patpat* /patpát/ 'bamboo stick', *sampal* /sampál/ 'slap', etc.

1.7 ANG KAMBAL KATINIG (CONSONANT CLUSTERS)

Ang magkakasunod na ponemang katinig (consonant phoneme sequences) na walang patinig sa pagitan ay tinatawag na *kambal katinig* (KK). Karaniwan sa mga salitang Pilipino ang pagkakasunod-sunod ng mga katinig. Batay sa kaysaysayan ng ating wika, walang kambal katinig sa Pilipino maliban sa magkasunod na katinig sa hangganan ng pantig sa salita (across syllable boundary) gaya ng KK sa *bugtong* /bugtong/ 'riddle', *palakpak* /palakpák/ 'applause'. Dalawa lamang ang katinig na maaaring magkasunod sa hangganan o supgungan ng pantig sa salita.

Sapagka't ang mga hiram na sailta (loanwords) ay ipinalalagay nang bahagi ng wikang Pilipino, ipinakikita sa pag-aaral na ito na ang mga katinig ay maaaring magkasunod-sunod sa lahat ng posisyon—sa unahan, gitna, at hulihan ng salita.

1.7.1 Makikita ang kambal katinig (KK-) sa unahan ng pantig sa sumusunod na mga halimbawa:

/ps-/	<i>pse</i>	/psé/	'expression of contempt'
/pl-/	<i>plano</i>	/pláno/	'plan'
/pr-/	<i>preno</i>	/préno/	'brake'
/bl-/	<i>blusa</i>	/blúsa/	'blouse'
/br-/	<i>bronse</i>	/brónse/	'bronze'
/ts-/	<i>tsinelas</i>	/tsinélas/	'slippers'
/tr-/	<i>trak</i>	/trák/	'truck'
/dr-/	<i>drama</i>	/klérk/	'clerk'
/kl-/	<i>klerk</i>	/dráma/	'drama'
/kr-/	<i>krimen</i>	/krímen/	'crime'
/gl-/	<i>globo</i>	/glóbo/	'globe'
/gr-/	<i>gripo</i>	/grípo/	'faucet'

1.7.2 Ang /-KK-/ na nagsusugpong sa hangganan ng pantig ay makikita sa maraming salitang Pilipino, gaya ng sumusunod na mga halimbawa:

/-st-/	<i>kumusta</i>	/kumustá/	'greeting'
/-nd-/	<i>maganda</i>	/magandá/	'beautiful'
/-ld-/	<i>suweldo</i>	/swéldo/	'salary'
/-gl-/	<i>maglakad</i>	/maglakád/	'to walk'
/-gt-/	<i>pagtulong</i>	/pagtúlong/	'help'

1.7.3 Ang kambal katinig /-KK/ sa hulihan ng pantig o salita ay makikita sa sumusunod na mga halimbawa:

/-ns/	<i>pruns</i>	/sánwits/	'sandwich'
/-ts/	<i>sanwits</i>	/kómiks/	'comics'
/-ks/	<i>komiks</i>	/dónald/	'donald (a name)'
/-ld/	<i>Donald</i>	/prúns/	'prunes'
/-rk/	<i>klerk</i>	/klérk/	'clerk'
/-rs/	<i>nars</i>	/nárs/	'nurse'

1.8 ANG MGA DIPTONGGO (DIPHTHONGS)

Ang magkasunod na patinig at malapatinig sa isang pantig ay tinatawag na *diptonggo*. Ang diptonggo sa Pilipino ay /ay, ey, iy, oy, uy, aw, iw/. Halimbawa:

/-ay/	<i>tatay</i>	/tatáy/	'father'
/-ey/	<i>may</i>	/méy/	'there is'
/-iy/	<i>kami'y</i>	/kamíy/	'we are'
/-oy/	<i>apoy</i>	/apóy/	'fire'
/-uy/	<i>kasuy</i>	/kasúy/	'cashew'
/-aw/	<i>dalaw</i>	/dálaw/	'visit'
/-iw/	<i>sisiw</i>	/sísiw/	'chick'

1.9 WAKAS (CONCLUSION)

Ang pagsusuring ito ay isa lamang pagsubok kung ang simulain ng makabagong lingwistika ay mabisang maipaliliwanag sa wikang Pilipino. Marami pa ang kailangang talakayin sa palatunugan, gaya ng *morphophonemics*, *suprasegmental features*—diin (stress), haba o tagal ng tunog (length), tigil (juncture), tono (pitch), punto o intonasyon (intonation), indayog (rhythm), atb. Ang mga suliraning binanggit ay kailangang mailahad sa susunod na mga pag-aaral. Ito ay isa lamang pagsubok—isang simula ng pagsusuring panlingwistika sa wikang Pilipino.